Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-12 NG ABRIL, 2021.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | Kasangguni |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 64-2021**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA HUMIHILING SA TANGGAPAN NG PUNONG LUNGSOD - INH. GILBERT T. GATCHALIAN AT LOCAL FINANCE COMMITTEE (LFC) NA MAPAGLAANAN NG KAUKULANG *ALLOWANCE* ANG MGA BARANGAY HEALTH WORKERS (BHW) AT IBA PANG FRONTLINE HEALTH WORKERS NG LUNGSOD NG MALOLOS, NA HINDI NAPASAMA SA OPISYAL NA TALAAN NG NAPAGKALOOBAN O' KULANG ANG NATANGGAP SA ILALIM NG SPECIAL RISK ALLOWANCE (SRA) AT ACTIVE DUTY HAZARD PAY (ADHP) NG PAMAHALAANG NASYUNAL.**

**AKDA NI: KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
**AT BUMUBUONG SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**SAPAGKAT,** matapos ang mahigit isang taon nang pagharap natin sa pandemya ng COVID-19, muli ay inilagay sa ilalim ng Modified Enhanced Community Quarantine (MECQ) ang Lungsod ng Malolos bilang bahagi ng NCR+ Bubble;

**SAPAGKAT,** hanggang sa kasalukuyan ay patuloy ang pagtaas ng bilang ng kaso ng mga Malolenyong nagiging positibo sa COVID-19 virus, kaya't malaki pa rin ang hamon na kinakaharap ng ating mga medical frontline workers kasama na ang mga Barangay Health Workers;

**SAPAGKAT,** noong 25 Nobyembre, 2020 ay pinagtibay ng Department of Budget and Management (DBM) at Department of Health (DOH) ang Joint Memorandum Circular No. 01 Series of 2020 na nagtatakda ng "*Guidelines on the Grant of COVID-19 Active Duty Hazard Pay for frontline Human Resources for Health (HRHs)*" kasabay ng Joint Memorandum Circular No. 02 Series of 2020 na nagtatakda naman ng "*Guidelines on the Grant of COVID-19 Special Risk Allowance for Public and Private Health Workers*";

**SAPAGKAT,** sa napagtibay na City Resolution No. 280-2020 noong 14 Disyembre 2020, itinatakda na isama ang lahat ng kwalipikadong Public Health Workers at Barangay Health Workers sa Lungsod ng Malolos sa opisyal na talaan na isusumite sa Central Luzon Center for Health Development - Department of Health;

**SAPAGKAT,** bagama't naipamigay na ang mga nasabing *allowance* ay tila hindi napasama sa opisyal na talaan ang marami pang frontline health workers ng ating lungsod at mga Barangay Health Workers na mga aktibo rin namang humaharap sa hamon ng pakikipaglaban sa banta ng COVID-19 virus;

**SAPAGKAT,** sa diwa ng pagkakapantay-pantay at makataong pagkilala sa malaking tulong ng ating mga frontline health workers at mga Barangay Health Workers ay marapat lamang na mapagkalooban din sila ng kaparehong *allowance* batay sa mga araw na kanilang ipinasok at ipinaglingkod sa pagitan ng 15 Setyembre, 2020 at 19 Disyembre, 2020;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

Sa pamamagitan ng kahilingan ni **Kgg. Dennis D. San Diego** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA**, gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na mapagtibay ang Kapasiyahang humihiling sa Tanggapan ng Punong Lungsod - Inh. Gilbert T. Gatchalian at Local Finance Committee (LFC) na mapaglaanan ng kaukulang *allowance* ang mga Barangay Health Workers (BHW) at iba pang frontline health workers ng Lungsod ng Malolos, na hindi napasama sa opisyal na talaan ng napagkalooban o' kulang ang mga natanggap sa ilalim ng Special Risk Allowance (SRA) at Active Duty Hazard Pay (ADHP) ng Pamahalaang Nasyunal.

**PINAGTIBAY.**

***KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD -Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*04122021